Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman**
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel Nos. 929-6626 to 29; 929-6633 to 35
Website: http://www.denr.gov.ph/ E-mail: web@denr.gov.ph

**TANGING ATAS**
**BLG. 2022- 490**

JUN 24 2022

**PAKSA : PAGBABAGO SA TANGING ATAS BILANG 2022-402 NA NAAPRUBAHAN NOONG MAYO 31, 2022 AT MAY PAKSANG PAGSASALIN SA WIKANG FILIPINO NG MGA GABAY NG MAMAMAYAN**

Para sa interes ng serbisyo publiko at bilang bahagi ng implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 na nilagdaan ni Pangulong Corazon C. Aquino noong 1988, at kaugnay ng 1987 Saligang Batas, Artikulo XIV, Seksiyon 6 na nagsasabing ang Pamahalaan ang dapat manguna sa paggamit ng wikang Filipino sa mga opisyal na pakikipag-ugnay. **Ang Tanging Atas Bilang 2022-402** na nilagdaan noong Mayo 31, 2022 ay magkakaroon ng mga sumusunod na pagbabago:

Ang pangalawang gawain o proper workshop na unang itinakda sa **ika-15 ng Hunyo hanggang ika-17 ng Hunyo 2022** ay malilipat sa araw ng **ika-27 ng Hulyo** hanggang **ika-29 ng Hulyo 2022** na gaganapin sa **Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera.** Ito ay may layuning maisapinal ang mga naisaling Gabay ng Mamamayan sa tulong at gabay ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Ang mga sumusunod ay pangalan ng mga kawani ng DENR na nabago at nadagdag na dadalo sa gawain:

| **Pangalan** | **Opisina, Dibisyon o Seksyon** | ***REMARKS*** |
|---|---|---|
| 1. Donita Rose Cleofas | *Strategic Alliance and Environmental Partnership Division* | Ipinalit kay G. Lowie Lunaria |
| 2. Julie G. Ibuan<br>3. Ernestina F. Jose<br>4. Robelyn Ceballo<br>5. Louise Andrea C. Gonzales<br>6. Franelie Dela Cruz<br>7. Liberty Clamosa<br>8. Rodolfo del Pilar<br>9. Queenielyn I. Rodaje<br>10. Agatha Diane T. Zepeda | *Stakeholders Management and Conflict Resolution Division* | Mga Organisador at Kalihiman |

| | | |
|---|---|---|
| 11. Harvy Daniel Ramirez<br>12. Athena Catherine Rivera | | |

Ang nasabing aktibidad ay dadaluhan ng apat (4) na mga opisyal mula sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman pati na rin ng limang (5) representatibo mula sa KWF na kung saan sila ang tatayong plenaryo, magbibigay ng gabay, at puna para sa mga Gabay ng mga Mamamayan ng ating Kagawaran.

Dagdag pa rito, upang maihatid ang mga kalahok, opisyal, at KWF sa itinakdang lugar at maging sa pag-uwi, mayroong anim (6) na drivers ang inilaan.

Gayon pa man, ang iba pang mga probisyon sa **Tanging Atas Bilang 2022-402** ay pananatilihin at hindi magbabago.

Ang kautusang ito ay magiging epektibo sa petsang nakasaad dito.

**DR. JOAN A. LAGUNDA,** *MNSA*
*Officer-in-Charge*
Opisina ng Pangalawang Kalihin para sa Legal, Pangasiwaan, Yamang Tao at Ugnayang Lehislatibo
*Office of the Undersecretary for Legal, Administration, Human Resources and Legislative Affairs*

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
SENR063010